

Paghuusga sa Kapwa

WARM-UP

- Magbanggit ng isang kilalang tao na hinangaan mo ngunit tinigilan mo ring hangaan nang may matuklasan ka tungkol sa kanya. Ibahagi ang kuwentong ito.
- Naranasan mo na bang magkamali sa unang impresyon mo sa isang kaibigan? Ano ang nangyari?
- Masasabi mo ba na ikaw ay pabigla-bigla o maingat mong pinag-aaralan ang lahat ng aspeto bago mo gawin ang isang bagay? Balikan ang isang pangyayari na nagpapakita nito.

WORD

“Huwag ninyong husgahan ang iba, para hindi rin kayo husgahan ng Diyos.” **MATEO 7:1**

(Basahin din ang **MATEO 7:2-6.**)

Mahigpit na binigyan ni Jesus ng isang tagubilin ang Kanyang mga disipulo tungkol sa pakikisalamuha sa iba: Huwag manghusga. Marahil ay isa ito sa mga berso mula sa Bibliya na madalas banggitin. Ginagamit ito ng ilan upang makaiwas na sila mismo ang mahusgahan dahil sa kanilang mga hindi katanggap-tanggap na gawain sa iba. Gayunman, ang tinutukoy dito ni Jesus ay kung paano natin itinuturing ang ating kapwa. Sa araling ito, titignan natin kung ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa paghuusga, pagwawasto, at karunungan.

1 Paghuhusga

“Sapagkat kung paano ninyo hinusgahan ang inyong kapwa ay ganoon din kayo huhusgahan ng Diyos.” **MATEO 7:2**

Marami ang mabilis manghusga ng iba ayon sa kanilang kilos at mahigpit na pagsunod sa mga kautusan. Dahil dito, nagbigay babala si Jesus na ang paraan kung paano natin husgahan ang iba ay siya ring magiging paraan kung paano tayo mahuhusgahan. Iba ito sa ginagawa ng Diyos. Hindi Niya tayo hinuhusgahan ayon sa ating mga kasalanan, bagkus, kinansela Niya ang ating kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo sa krus. Ngayong alam na natin na nais ng Diyos na iligtas tayo sa halip na husgahan, paano dapat tayo makitungo sa iba? (1 Pedro 3:8-12)

2 Pagwawasto

“Bakit mo pinupuna ang munting puwing sa mata ng kapwa mo, pero hindi mo naman pinapansin ang mala-trosong puwing sa mata mo?” **MATEO 7:3**

(Basahin din ang **MATEO 7:4,5.**)

Binigyang diin ni Jesus na kung tayo ay labis na nakatuon sa kamalian ng iba at hindi napapansin ang sarili nating mga kamalian, hindi natin makikita nang tama ang mga dapat nating iwasto. Kailangan nating alamin kung ano ang mga dapat ituwid sa atin, maging mapagpakumbaba na humingi ng kapatawaran mula sa Diyos, at saka natin ituwid ang ating kapwa nang tama at may pagpapakumbaba. Balikan ang isang pagkakataon na nakatanggap ka ng pagwawasto mula sa iba. Ibahagi kung paano ka nito natulungang malinaw na makita ang isang bagay o tao.

3 Karunungan

“Huwag ninyong ibigay sa mga aso ang mga bagay na banal, dahil baka balingan nila kayo at lapain. At huwag din ninyong ihagis sa mga baboy ang inyong mga perlas, dahil tatapak-tapakan lang nila ang mga ito.” **MATEO 7:6**

Sinabihan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na maging maalam sa pagwawasto ng iba. Kung walang karunungan, maaaring masayang lamang ang ating oras at pagsisikap. Taglay ang karunungan, maingat nating maisasaalang-alang ang ating relasyon, ang kahandaan ng tao na tumanggap ng tulong at pagwawasto, at ang biblikal na pananaw sa kanilang sitwasyon, nang sa gayon ay maituwid natin sila ng tama. Balikan ang isang pagkakataon kung kailan maayos mong naituwid ang isang tao. Ano ang nangyari? Paano mo nalaman na iyon na ang tamang oras upang ituwid ang taong iyon?

APPLICATION

- Naniniwala ka ba sa kapatawaran at awa na inihahandog ng Diyos sa lahat, upang hindi nila katakutan ang panghuhusga? Gusto mo bang maniwala dito ngayon? Paano maaapektuhan ng kapatawaran at awa ng Diyos ang paraan mo ng pamumuhay?
- May mga bahagi ba ng buhay mo na nangangailangan ng pagwawasto at kapatawaran? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin upang maituwid ito ngayong linggo?
- Mayroon ka bang kakilala na nangangailangan ng pagwawasto na naaayon sa Bibliya? Paano mo ito maibabahagi sa kanila nang may karunungan at sa tamang panahon?

PRAYER

- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga bahagi ng buhay mo na kailangang ituwid. Ipanalangin na ikaw ay maging mapagpakumbaba upang matanggap mo ang pagwawasto at tulong mula sa iba.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan upang makita nang may katiyakan at kaliwanagan ang mga sitwasyon sa paligid mo. Ipanalangin na bigyan ka Niya ng karunungan sa pagbibigay mo ng tulong at pagwawasto sa iba.
- Ipanalangin na habang nakikisalamuha ka sa iba, at nag-iingat sa paghuhusga, pagwawasto, pagpapakumbaba, at pag-unawa, magkaroon ka ng mga pagkakataon upang maipangaral ang ebanghelyo sa kanila.

NOTES



VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph